A PAGTAKDA SA HAKBANG: JESUS.

- Si Jesus ay Dios, ngunit pinili Niyang "iwanan" ang Kanyang dignidad nang iwan Nya ang Kanyang lugar sa langit bilang Hari ng Uniberso at naging tao (Fil. 2:6-7).
- Hindi Siya ipinanganak na sikat na tao, ngunit isang mababang alipin. Lumayo pa Siya: lubos Siyang nagpasakop sa kalooban ng Ama, handa Siyang mamatas sa krus dahil mahal Niya tayo (Fil. 2:8).
- Dahil sa hindi makasariling pag-ibig na iyon, binigyan Siya ng dakilang papuri ng Dios at pangalang mataas sa lahat ng pangalan." (Fil. 2:9). Gayunman, ang pinakadakila Nyang kaligayahan ay hindi ang pagbabalik ng Kanyang karangalan, ngunit ang but that "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan." (Is. 53:11)
- Habang sinusundan natin ang mga hakbang ng pananampalataya ni Jesus, ang pinakadakila nating kaligayahan ay ang pagmasdan natin ang pagsuko ng mga tao sa ating Tagapagligtas, at mamuhay ng walang hanggan kasama ni Jesus.

B UNANG MGA HAKBANG: PEDRO, JUAN, MATEO.

- Sumunod ng ilang panahon sina Andres, Pedro, Juan, at Santiago kay Jesus. Tapos ay tinawagan sila na gawin ito ng "buong oras". Hinikayat sila ni Jesus na itigil ang pangingisda at maging tagapangisda ng tao. (Mt. 4:19).
- Si Mateo-Levi ay is ana naming tao na tinawagan ni Jesus na iwan ang lahat. Alam ni Jesus ang hangarin ng kanyang puso kay hinikayat siyang ipagpalit ang magaan ngunit di-kasiya-siyang buhay sa isang buhay na puno ng hangarin at kasiyahan (Mateo 9:9).
- Tayo rin ay nais mamuhay para sa isang karapat-dapat, mas maringal, at marangal na hangarin. Kaya, tugunin ang panawagan ni Kristo na sundin Sya.

C PAG-ABOT SA HANGARIN: PABLO.

- Si Saulo (Pablo) ay halimbawa ng taong ayaw nating gawing mangangaral ng ebanghelyo, ngunit pinili ni Jesus. Paanong ang hindi inaasahang tao ay magiging dakilang mangangaral (taong inalihan ng demonyo, isang babaeng Samaritana, isang bayarang babae, maniningil ng buwis, "walang pinag-aralan" mangingisda, isang taga-usig ng mga Kristyano…)?
- Binago ang kanilang mga puso ng biyaya ng Dios. At nagtalaga sila sa pagbalita tungkol sa mga kamangha-manghang ginawa ng Dios sa kanilang buhay.

D PAG-AAYOS NG HAKBANG: MAHAL MO BA AKO?

- Alam ni Jesus ang puso ni Pedro. Alam Niyang mahal parin siya ni Pedro. Kaya tatlong beses Siyang humingi ng pag-amin sa publiko ng pag-ibig ni Pedro sa Kanya.
- Ibinalik ni Jesus kay Pedro ang kanyang tiwala sa sarili at binigyan siya ng misyon: Alagaan ang Kanyang Iglesia at ipangaral ang Ebanghelyo. Yun ay, upang ipakita ang Kanyang pag-ibig sa gawa.
- Maaaring ilang beses mo rin na Siyang ikinaila sa iyong mga gawa. Ang mabuting balita ay mayroon pang biyaya, at hindi pa tapos ang Dios sa iyo. May lugar pa sa Kanyang gawain para sa iyo kung gusto mo.

E MGA HAKBANG NG PAG-IBIG: ANG KALIGAYAHAN NG PAGBABAHAGI.

- Ibinalik ni Jesus si Pedro at ipinaramdam sa kanya ang pinakamalaking galak sa buhay na ito: na makita ang mga kaluluwang nadadala sa Kaharian ng Dios.
- Nakita ni Pedro ang unang mga bunga ng kanyang pangaral sa Pentekostes (Gawa 2:14-41). Isinakabuhayan ni Pedro ang pag-ibig na ipinahayag niya kay Jesus at Kanyang mga alagad.
- Sa huli ay nagbayad si Pedro ng malaking halaga sa pag-ibig at kaligayahang iyon, ito ang kanyang ikinamatay (Juan 21:18-19). Sa huli ay ipinaliwanag ni Juan na kalakip ng pag-ibig ang sakripisyo, isang hindi makasariling sakripisyo na hindi naghahangad ng kapalit.
- Sa totoo, sa araw na tayo ay mabubuhay kasama si Jesus at ang mga naligtas (kasama ang mga nakakilala kay Jesus dahil sa atin), hindi natin iisiping sakripisyo ang mga ginawa natin sa lumang Mundo. Ang pagsunod kay Jesus hanggang sa huli ay kapakipakinabang.